# iSangLahi 9 – iExam Yunit 1

| Pangalan: | | Iskor: | |
|---|---|---|---|
| Pangkat at Baitang: | | Guro: | |

**I. PAGPIPILI.** Basahing mabuti at piliin ang letra ng tamang sagot na tinutukoy sa bawat pangungusap.

1. Ito ay grupo ng mga indibidwal na napapabilang sa kategoryang target na demograpiko sapagkat ito ang nagkokonsumo o bumibili ng mga produkto at serbisyo mula sa isang nagbebenta, maaring ito ay pamilihan, maliit na negosyo, o isang kumpanya.
   a. Negosyante
   b. Konsyumer
   c. Tagapagtustos
   d. Manggagawa

2. Sila ay tumutukoy sa pangkalahatang pangkat ng mga indibidwal na kumikita.
   a. Manggagawa
   b. Konsyumer
   c. Negosyante
   d. Tagapagtustos

3. Ang mga sumusunod na pahayag ay tungkol sa Microeconomics, maliban sa isa:
   a. Ito ay ang sangay ng ekonomiks na nag-aaral sa kabuuan o pambansang kita.
   b. Dito nagaganap ang aktibong ugnayan ng demand at suplay gayundin ang kita sa partikular na grupo ng mga negosyante at mangagawa na ginagamit sa pagkonsumo.
   c. Halimbawa nito ay ang mga negosyo sa industriya ng pagkain, iba't-ibang tatak ng gamit o gadgets, negosyong nagbibigay serbisyo gaya ng mga salon, eskwelahan, at iba pa ay nabibilang sa sangay ng microeconomics.
   d. Ito ay sangay ng ekonomiks na tumutukoy sa pag-aaral ng daloy ng kita at iba pang mga aktibidad sa pagitan lamang ng mga negosyante at sambahayan o konsyumer at hindi kasama ang gobyerno, bangko, o iba pang uri ng institusyon.

4. Sino ang nagtatag ng Modernong Ekonomiks?
   a. Anne Smith
   b. Allan Smith
   c. Adam Smith
   d. Addy Smith

5. Ito ang dalawang sangay o uri ng konspeto ng ekonomiks.
   a. Microeconomics at Multieconomics
   b. Multieconomics at Macroeconomics
   c. Microeconomics at Macroeconomics
   d. Wala sa nabanggit.

6. Tumutukoy ito sa kakapusan ng natural na suplay.
   a. Anne Smith
   b. Allan Smith
   c. Adam Smith
   d. Addy Smith

7. Isa sa mga sanhin ng kakapusan na maaaring maihanlintulad sa relative scarcity kung saan ang mga materyales na ginagamit sa produksyon ay hindi sapat
   a. Demand-Induced Scarcity
   b. Structural Scarcity
   c. Supply-Induced Scarcity
   d. Absolute Scarcity

8. Alin sa mga sumusunod ang d kabilang sa mga palatandaan ng kakapusan.

a. Pagkasira ng mga Yamang Likas.
b. Pagtaas ng Bilihin
c. Kawalan ng Oras
d. Kawalan ng Hanapbuhay

9. Upang malabanan ang kakapusan, sila ang nagsasabatas at nagpapasa ng mga batas patungkol sa wastong paggamit ng ating mga Yamang Likas.
    a. Negosyante
    b. Pamahalaan
    c. Konsyumer
    d. Responsableng Mamamayan

10. Tumutukoy ito sa hindi maayos na pamamalakad partikular na ang mga ahensya ng gobyerno patungkol sa hindi pantay na alokasyon ng mga pinagkukunang yaman na nagreresulta sa kakapusan ng suplay para sa mga mas nangangailangan.
    a. Relative Scarcity
    b. Structural Scarcity
    c. Demand-Induced Scarcity
    d. Supply-Induced Scarcity

11. Ang "Theory of Human Motivation" na ipinakilala ni Abraham Maslow, ay nahahati sa ilang uri?
    a. Dalawa
    b. Tatlo
    c. Apat
    d. Lima

12. Ang self-esteem, sustenance, at freedom from servitude ay nakapaloob sa teorya ni?
    a. Abraham Maslow
    b. Michale Maslow
    c. Michael Todaro
    d. Abraham Todaro

13. Ito ang tumutukoy sa mga bagay na nangangailangan ng sapat na alokasyon at suplay sa pang-araw-araw na pamumuhay.
    a. Kagustuhan
    b. Pangangailangan
    c. Kaganapan ng pagkatao
    d. Tama ang a at b

14. Alin sa mga sumusunod ang tamang depinisyon ng alokasyon.
    a. Tumutukoy sa paglalaan ng sapat na dami ng pinagkukunang yaman ng naayon sa mga pangunahing pangangailangan at kagustuhan ng tao sa isang lipunan.
    b. Tumutukoy sa mga bagay na nangangailangan ng sapat na suplay.
    c. Ang alokasyon ay itinuturing din bilang mekanismo ng distribusyon ng yamang likas, yamang tao, at pati na rin ng yamang pisikal.
    d. Tama ang A at C

15. Uri ng sistemang pang-ekonomiya na kung saan karamihan sa mga pinagkukunang yaman ay pag-aari ng pamahalaan.
    a. Tradisyunal na Ekonomiya
    b. Mixed Economy
    c. Market Economy
    d. Command Economy

16. Ito naman ang sistemang pang-ekonomiya kung saan pinagsama ang konsepto ng Command Economy at Market Economy.
    a. Tradisyunal na Ekonomiya
    b. Dual Economy
    c. Mixed Economy
    d. Market Economy

17. Ang feudalismo, Merkantilismo, at pasismo ay mga uri ng sistema na ginamit noong?
    a. Ika-5 hanggang sa ika-12 siglo.
    b. Ika-6 hanggang sa ika-12 siglo.
    c. Ika-5 hanggang sa ika-11siglo.
    d. Ika-6 hanggang sa ika-11siglo.

18. Salik sa pagkokonsumo kung saan direktang pinakikilala ang ibenebentang produkto.
    a. Kita
    b. Panahon
    c. Pag-aanunsyo
    d. Okasyon

19. Bilang isang konsyumer, marapat lamang na suriin ang mga produkto at serbisyo na ating tinatangkilik gaya ng kalidad, presyo, presyo, timbang, paggawa, at uri ng serbisyo.
    a. Tama
    b. Mali
    c. Marahil
    d. Hindi ko Alam

20. Ito ang batas na naglalatag ng mga karapatan ng mamimili.
    a. Republic Act 7392
    b. Republic Act 7393
    c. Republic Act 7394
    d. Republic Act 7395

21. Ang mga sumusunod ay ang mga tungkulin ng mga mamimili, maliban sa:
    a. Pakikilahok sa isang konstruktibong pagpuna sa kalidad ng produkto o serbisyo at pagpapalawak ng kaalaman sa mga karapatan bilang mamimili.
    b. Pagsulong sa interes ng bansa sa pagkonsumo ng produkto.
    c. Pagbili ng sobra para sa sariling pangangailangan.
    d. Pagsusuri at pagsisiyasat sa produkto o serbisyo.

22. Ang proseso ng produksyon kung saan ang mga nabuong produkto ay handa na para sa distribusyon patungo sa kamay ng mga mamimili o di kaya naman sa ilang mga kumpanya o negosyante.
    a. Pangunahing Produksyon
    b. Ikalawang Produksyon
    c. Ikatlong Produksyon
    d. Ika-apat na Produksyon

23. Ito ang kontribusyon ng salik ng produksyon na kapital.
    a. Lugar ng Produksyon
    b. Sweldo
    c. Interest
    d. Kita

24. Tawag sa organisasyon ng negosyo kung saan iisa lamang ang may-ari.
    a. Sole Proprietorship
    b. Partnership
    c. Corporation
    d. Cooperative

25. Binubuo ng hindi bababa sa 15 na miyembro na may pantay-pantay na inilabas na puhunan at makakatanggap rin ng pantay-pantay na interes o kita mula rito.
    a. Sole Proprietorship
    b. Partnership
    c. Corporation
    d. Cooperative

# iSangLahi 9 – Answer Keys sa Yunit 1

## I. PAGPILI

1. B
2. A
3. A
4. C
5. C
6. D
7. A
8. C
9. B
10. B
11. D
12. C
13. B
14. D
15. D
16. C
17. A
18. C
19. A
20. C
21. C
22. C
23. C
24. A
25.